## INTERNATIONAL NAPASA ( July 29, 2025 )

### 1)SEMINAR PARA SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA BASURA

生ゴミから堆肥を作る講習会のお知らせ

Sa July 30 (Wednesday) ay magkakaroon ng “***SIMINAR SA PAGGAWA NG ABONO MULA SA NABUBULOK NA BASURA”*** dito sa Hiratsuka City. Ang Oras ay mula 10:00 ng

umaga hanggang alas 3:00 ng hapon. Ang lugar ay sa Hall ng 1st floor ng Hiratsuka City Office

**ANG MGA PAG-AARALAN AY ANG MGA SUMUSUNOD4 NA MGA PAMAMARAAN :**

1. Paraan ng paggawa ng abono sa pamamagitan ng pagbabalik sa lupa ng mga basura mula kusina.
2. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Composting Bin.
3. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang planter
4. Paraan ng paggawa ng abono gamit ang Styrofoam.

Dito ay hindi na kinakailangan pang magpareserba, dumerekta na lamang sa 1st floor ng City Office. Para sa iba pang katanungan ay maaaring makipag-ugnayan sa ***ENVIRONMENTAL POLICY DIVISION.***Telephone No. **0463-21-97-62 (0463-21-9762).**

### 2)UKOL HULING PALUGIT SA PAGBABAYAD NG TAX SA HIRATSUKA CITY

平塚市の納税課より税金の納付期限のお知らせ

Sa July 31 ang huling palugit ng ikalawang bahagi ng bayarin ng ***PROPERTY TAX.*** Ipinapaalalang bayaran bago matapos ang petsang itinakda at kung hindi makakabayad bago matapos ang itinakdang palugit ay humingi ng payo sa ***TAX PAYMENT DIVISION (NOUZEIKA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-8769 (0463-21-8769).**

### 3)UKOL SA JAPANESE LANGUAGE CLASS MULA SA MGA BOLUNTARYONG GURO

ボランティアによる日本語教室のお知らせ

Ang mga sumusunod na 4 na ***JAPANESE LANGUAGE CLASS*** sa Hiratsuka City mula sa mga boluntaryong guro:

1. HIRATSUKA INTERNATIONAL EXCHANGE ASSOCIATION.
2. KABERA JAPANESE LANGUAGE ASSOCIATION.
3. SHONAN JRC
4. YOKOUCHI PROJECT.

Ang lahat ng nabanggit na Classroom ay walang bayad at ang lugar ng araw ng pagsisimula, Kwalipikasyon sa Paglahok at mga detalyadong impormasyon ay makikita sa Home Page ng ***HIRATSUKA CITY.***

## 4)BAYARIN SA PAG-PROSESO NGPAPELES NG PANINIRAHAN NG MGA DAYUHANG

外国人の在留手続き手数料改定のお知らせ

Mula April 1, 2025 ay nabago na ang halaga ng bayarin sa pag-proseso ng paninirahan ng mga dayuhan.

**ANG MGA PANGUNAHING NABAGO AY ANG MGA SUMUSUNOD:**

1. Application for Change of Status of Residence: mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
2. Applicaiton for Extension of Period of Stay: mula ¥4000 ay naging ¥ 6000.
3. Applicaiton for Permanent Residence: mula ¥8000 ay naging 10,000
4. Application for Re-Entry Permit (Single): mula ¥3000 ay naging ¥4000
5. Application for Re-Entry Permit (Multiple): mula ¥6000 ay naging ¥7000.
6. Certificate of Employment Eligibility: mula ¥1200 ay naging ¥2000.

Para sa iba pang detalye ay makikita sa Home Page ng Immigration Service Agency ng